Voluntary Self-Exclusion



GameSense

bclc playing it right

Kung sa palagay mo'y sobra ang iyong pagsusugal o kung parang hindi na laro ito, maaaring maging mahalagang pangunahing hakbang ang Voluntary Self-Exclusion Program upang tulungan kang mapamahalaan ang iyong pagsusugal.

Ano ang Voluntary Self-Exclusion Program?

Pahihintulutan ka ng programa na boluntaryong hindi isali ang iyong sarili mula sa lahat ng sugalan na may slot machines, commercial bingo halls, o mula sa pag-access ng PlayNow.com, para sa ilang panahon.

Maaaring magself-exclude ang isang indibidwal mula sa:

1. Sugalan na may slot machines, kasama ang casinos, community gaming centres at slot floor ng mga karerahan.
2. Commercial bingo halls, community gaming centres at anumang sugalan na may bingo.
3. Pagsusugal sa PlayNow.com.

Kung self-excluded ka mula sa isang sugalan, hindi ka maaaring magsugal sa PlayNow.com para sa katagalan ng iyong exclusion. Kapag ang isang pormularyo ng self-exclusion ay pinirmahan, ang mga kasalukuyang nagagamit na PlayNow.com accounts ay isasara.

Paano ako sasali upang mag self-exclude nang boluntaryo?

Upang magself-exclude mula sa mga sugalan na may slot machines, bisitahin ang isang casino GameSense Info Centre at kumausap sa isang GameSense Advisor, o tanungin ang sinumang tauhan sa anumang angkop na sugalan.

Upang magself-exclude mula sa isang commercial bingo hall, maaari kang ituro ng sinumang tauhan sa angkop na tao.

Upang magself-exclude, lalo na mula sa PlayNow.com, mag-login sa iyong PlayNow.com account at i-access ang "Self-Exclusion" sa loob ng seksyon ng "My Account" . Sundin ang mga screen na magpapakita ng proseso ng pagkompleto ng iyong self-exclusion mula sa PlayNow.com.

Maaari mo ring bisitahin ang mga opisina ng BCLC sa Kamloops o Vancouver, o tawagan ang Consumer Services ng BCLC sa **1-866-815-0222**.

Ano ang mangyayari habang ako ay sumasali?

Kapag hindi mo isasali ang iyong sarili mula sa sugalan, makikipagkita ka sa isang miyembro ng security staff na binigyan ng training na mag-handle ng mga kahilingan para sa self-exclusion.

Kapag sila'y naroroon, ang GameSense Advisors ay makapagbibigay rin ng suporta sa iyo habang ikaw ay sumasali. Sila'y trained professionals na nakakaunawa sa mahirap na desisyon na iyong ginagawa at susuportahan ka nila sa anumang paraang makakaya nila.

Hihilingin kang ipakita ang iyong ID na inisyu ng pamahalaan, na mayroong iyong pirma at retrato. Ito'y maaaring isang lisensiya sa pagmamaneho, pasaporte, o ibang ID. Hihilingin ka ring pumirma ng isang Voluntary Self-Exclusion Agreement at kukunan ka ng retrato

Ano ang mangyayari kapag sumali ako?

Oras na sumali ka, ang impormasyon na ibibigay mo ay ibibigay sa lahat ng security offices sa mga katulad na sugalan. Ito'y ginagawa upang tulungan kang tuparin ang iyong pangako.

Kung ikaw ay isang BC Gold member, ide-deactivate ang iyong account at hihilingin kang ipalit ng cash ang iyong points.

Kung pinili mong i-exclude ang iyong sarili mula sa PlayNow, kakanselahin ng BCLC ang iyong Player Account, isasara nila ang iyong eWallet at ibibigay nila ang pera para sa anumang hindi pa naipapalit sa cash na PlayerCash oras na nakompleto mo na ang pormularyo online.

Oras na nakompleto ang iyong aplikasyon para sa self-exclusion sa isang sugalan, tatanungin ka kung nais mong ipamahagi ang iyong impormasyon sa isang counsellor. Kung gayon, kokontakin ka ng isang counsellor.

Alinsunod sa BC Gaming Control Act, hindi ka na kwalipikadong manalo ng mga premyo sa mga sugalan sa panahon ng iyong self-exclusion.

Gaano ako katagal magiging self-excluded?

Nasa sa iyo ang katagalan ng exclusion. Pumili mula sa:

- 6 na buwan
- 1 taon
- 2 taon
- 3 taon

Ang self-exclusion ay magsisimula oras na sumali ka at magtatagal sa katagalan ng panahon na pipiliin mo. Ang voluntary self-exclusion ay hindi maaaring bawiin.

Maaari ko bang i-exclude ang isang asawa o kapamilya?

Siyempre ay gusto mong tulungan ang isang minamahal sa buhay na nagkakaproblema. Gayunman, ang tao lamang na humihiling ng self-exclusion ang maaaring mag-enrol. Walang makagagawa ng desisyon na iyon para sa kanya.

Ano ang mangyayari kung hindi ko tinupad ang aking pangako?

Pananagutan mong tuparing ang pangako na ginawa mo para sa iyong sarili. Kung pumasok ka sa isang sugalan habang panahon ng iyong self-exclusion at nalaman kung sino ka, paaalisin ka. Alinsunod sa Gaming Control Act, maaaring pagbayarin ka ng $5,000 na multa.

May support na makukuha.

Ang counselling services ay libre at kompidensiyal. Ang mga counsellor ay trained professionals na makakatulong sa iyo na humanap ng mga paraan upang bawasan ang mga problema na may kinalaman sa pagsusugal.

Ang mga lumalahok sa counselling at sa self-exclusion program ay mas malamáng na magtatagumpay na mapamahalaan ang kanilang pagsusugal.

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Problem Gambling Help Line **1-888-795-6111.**

Pour en savoir plus...

engage your GameSense.ca

VSE [Filipino] Revised July 2010